

9 Tevet, 5771

2020 Disyembre 24

490063420

Bagong impormasyon Tungkol sa bakuna para sa Corona Virus - CoronaVirus {COVID 19}

Ang Bakuna laban sa COVID 19, BNT162b2, na gawa ng Pfizer- BioNtech

Para sa pagtanggap ng vaccine at maiwasan ang pag kakatipun – tipon ng maraming tao ng dahil na rin sa bagong corona virus. ito ang mga impormasyon para sa pag papabakuna, ang mga benepisyo at mga posibleng inaasahan na mga epekto.

Ang bakunang ito ay kabilang sa isang pangkat ng mga bakunang mRNA at naglalaman ng mga nucleic acid na nagdidirekta sa mga selula upang makabuo ng isang protina sa katawan na tinatawag na Corona virus protein.

Ang mga maliit na butyl or particles ng mRNA ay nakabalot sa isang sinasabing parang sobre ng taba na tumutulong

sa immune response. Sa immune system sa katawan ng tao.

Nakita ang ang naging resulta ng protina at lumilikha ito at napakitahan ito ng kahusayan sa pagsasanay na may kahusayan laban sa virus.

Ang Vaccine ay Ligtas at epektibo upang maiwasan ang sakit.

Ang bakuna ay ginawa sa isang laboratoryo, at hindi naglalaman ng virus o anumang bahagi nito. Ang mga maliliit na mga particle's na bahagi ng bakuna ay nag kakawatak watak/ kumakalat sa at nawawala sa loob ng katawan ilang sandal pag katapos na mabakunahan. Ang bakuna ay hindi maaaring maging sanhi ng sakit na 19-COVID, at hindi makakaapekto sa DNA ng isang tao.

Sino ang maaaring makakuha ng bakuna or makapag bakuna?

Ang maaring makakuha ng bakuna or mapabakunahan ay ang mga taong may edad na 16 anyos pataas.

Walang pagbabawal laban sa pagbabakuna sa isang taong buntis o isang babaeng nagpaplano ng pagbubuntis.

Ang isang taong na may matinding karamdaman kabilang ang lagnat na 38 degree Celsius pataas ay kinakailangan na sya ay maghintay at magpagaling muna para sya ay makapag bakuna.

Sino ang hindi makakatanggap ng bakuna sa ngayon – ayon sa mga kasalukuyang mga alituntunin ay ang mga sumusunod:

1. mga may edad na mababa sa 16 taong gulang.
2. Ang mga taong may kasaysayan or history ng matinding reaksiyon allergy ay dapat makipag-ugnayan sa nars upang malaman kung maaari siyang mabakunahan.
3. ang mga taong nag karoon ng Corona Virus at sila ay nag papagaling pa.

Ang proseso ng pagbabakuna

Ang bakuna ay ibinibigay sa dalawang dosis/ dosage na hindi kukulangin sa 21 araw ang pagitan. Kung lumagpas ng higit sa 21 araw, maaari kang makatanggap ng pangalawang dosis /dosage na hindi pag babasehan ang agwat ng oras. **Ang katawan ay mag bibigay ng kabuong resulta pag katapos na makatanggap ng pangalawang bakuna.**

Ang Pag babakuna: ang pag bibigay ng bakuna sa ibinibigay sa pamamagitan ng iniksyon sa may kalamnan ng braso lamang.

Mga posibleng epekto: Pagkalat ng banayad at pansamantalang mga epekto pagkatapos ng pagbabakuna: Pamumula at sakit sa lugar ng pag-iiniksyon, Lagnat, pangingingin, pagkapagod, sakit ng ulo, panghihina, pananakit ng kalamnan, sakit ng kasu- kasuan pagduwal at paglaki ng mga lymph node.

Ang mga sintomas na ito ay karaniwang lumilipas sa pagitan ng isa at dalawang araw pagkatapos ng bakuna at medyo karaniwan sa pangalawang dosis/ dosage ng bakuna.

Ang mga sintomas ng allergy, kabilang ang isang agarang reaksiyon ng allergy na anaphylactic, ay napakabihira sa lahat. Mga pasyente na sumailalim sa isang tugon nakaranas, nagkaroon ng

Anaphylaxis reaksiyon na kanilang naranasan noong nakalipas or nakaranas na , para sa anumang kadahilanan, ay kinakailangang kumunsulta sa mga kawani mga medical staff bago matanggap ang bakuna.

Matapos matanggap ang bakuna, maghintay sa lugar ng pinagbakunahan nang 15 minuto.

Para sa mga tao na nakatanggap ng pangawalang dosage ng bakuna, ay maaring makatanggap ng Certificate na sila ay napabakunahan na, {Green/ berde na Notebook}. Ang may hawak ng certificate na ito ay itinuturing na sya ay kabilang sa mga nag papagaling, kasama ang exemption sa quarantine, pagpasok sa mga lugar na kabilang or tinutukoy na berde / green na isla or lugar. Ang katibayang ito ay mag kakaroon ng bisa sa loob ng 7 araw mula sa petsa ng pagtanggap ng pangalawang dosage {hindi kabilang ang araw ng pagpapabakuna}.

Sa lahat ng anumang mga katanungan tungkol sa mga epekto, maaari kang makipag-ugnayan sa ahenteng pang medico o makipag ugnayan sa iyong doctor.

Para sa mga karagdagang impormasyon ay maaring pumasok sa website ng Ministry of Health: [vaccine-covid19 / il.gov: // http](http://vaccine-covid19/il.gov)